**IKAAPAT NA MARKAHANG (IKA-5 LINGGO)**

| **Panglingguhang Layunin** |
| --- |
| **Pag-unawa sa Napakinggan**<br>Naibibigay ang paksa ng napakinggang kwento/usapan (F5PN – IVe – i-17)<br>**Wikang Binibigkas**<br>Nakapagbibigay ng maaaring solusyon sa isang naobserbahang suliranin(F5PS – IVe –9)<br>**Gramatika**<br>Nagagamit ang iba't-ibang uri ng pangungusap sa pakikipagdebate tungkol sa isang isyu. (F5WG – IVb –e-13.2)<br>**Pag-unlad ng Talasalitaan**<br>Nabibigyang kahulugan ang matalinhagang salita (F5PT – IVe –h –4.4)<br>**Pag-unawa sa Binasa**<br>Nakasusunod sanakasulat na panuto (F5PB – IVf-3.2)<br>**Estratehiya sa Pag-aaral**<br>Nagagamit nang wasto ang call number ng aklat (F5EP – IVfh – 7.I)<br>**Pagsulat**<br>Nakasusulat ng iba't-ibang bahagi ng pahayagan(F5PU-IVeh-2.11)<br>**Panonood**<br>Napaghahambing ang iba't-ibang dokumentaryo (F5PD – IVe-j – I -18) |

**Unang Araw**

I. Layunin
   1. Naibibigay ang paksa ng napakinggang kwento/usapan (F5PN – IVe – i-17)
   2. Nakapagbibigay ng maaaring solusyon sa isang naobserbahang suliranin(F5PS – IVe –9).

II. a. Paksang – Aralin
   Paksa ng Napakinggang Kwento
   Pagbibigay ng maaaring solusyon sa isang naobserbahang suliranin
   b. Sanggunian
   F5PN – IVe – i-17 ,F5PS – IVe –9
   Hiyas sa Pagbasa 4 pahina 21
   c. Mga Kagamitan
   metacard

III. Pamamaraan
1. Pagsasanay
   Hapon na nang dumating kami sa Dapitan matapos ang mahabang biyahe. Kayganda pala ng Dapitan lalo na kapag papalubog na ang araw. Napakalamig ng simoy ng hangin na nagbubuhat sa dalampasigan. Ang tanawin ay tunay na kasiya-siyang pagmasdan.Ano ang paksang diwa sa talata?
1. Balik-Aral
   Saan matatagpuan ang mga paksang diwa?
2. Mga Gawain
   a. Pagganyak
      Pagpapakita ng larawan na nagpapakita ng pagtulong sa kapwa.
   b. Paglalahad
      Pagbasa sa kwentong “Kaligtasan ng mga Nangangailangan “(Hiyas sa Pagbasa 4, pahina 21)
   c. Pagtatalakay
      Ibigay ang paksang diwa ng unang talata.?Ikalawang talata?Ikatlong talata? ikaapat na talata?
      Ano ang naging suliranin ng mga tauhan sa kwento?Anong solusyon ang maibibigay mo sa maraming pulubi?
   d. Pagpapayamang Gawain
      a. Gawin Mo
         Basahin ang kwentong “Tagumpay sa Kabila ng Sagwil”
         Sagutan ang mga tanong sa ibaba.
         1. Ano ang paksa ng talong talata?
         2. Ano ang suliranin ng tauhan? Anong nagging solusyon sa kanyang suliranin?
      b. Gawain Natin
         Pumili ng lider na babasa ng kwento. Matapos mapakinggan, sagutan ang mga tanong.
         “Ang Batang si Pule” (Hiyas sa Pagbasa 4, pahina 66)
         1. Ibigay ang paksa ng bawat talata?
         2. Ano ang naging suliranin ni Hermano Pule at ano ang nagging solusyon sa kanyang suliranin?

c. Paglalahat
   Paano ninyo naibigay ang paksa ng bawat talata sa kwento?
   Naibigay ang solusyon sa bawat suliranin?
d. Paglalapat
   Bumuo ng 2 pangkat, babae at lalaki, bigyan ng metacards at ibigay ang paksa/ suliranin at nagging solusyon sa suliranin. (MISOSA Fil 4, Blg. 12. Pahina 7)

   1.Ibigay ang paksa ng kwento?
   2. Isulat ang nagging suliranin at solusyon sa suliranin?

IV. Pagtataya

Makinig sakwentong babasahin ko. Ibigay ang paksa nito, ang inilahad na suliranin at ang solusyon nito.

Emilio Aguinaldo
(MISOSA Fil. IV Blg.12)

V. Takdang – Aralin

Pumili ng isang kapamilya na babasa ng isang kwento at ibigay ang paksa nito, suliranin at solusyon nito.

**Ikalawang Araw**

I. Layunin
   1. Nagagamit ang iba't-ibang uri ng pangungusap sa pakikipag debate tungkol sa isang isyu(F5WG – IVb –e-13.2)
   2. Nabibigyang kahulugan ang matalinhagang salita(F5PT – IVe –h –4.4)

II. A. Paksang Aralin
   Paggamit ang iba't-ibang uri ng pangungusap sa pakikipag debate tungkol sa isang isyu
   Pagbibigy ng kahulugan ang matalinhagang salita
   B. Sanggunian
   (F5WG – IVb –e-13.2)
   (F5PT – IVe –h –4.4)
   C. Kagamitan
   Tsart
   Metacard

III. Pamamaraan
   1. Pagsasanay
      Pagbasa ng mga pangungusap.
      1. Ikaw ba ay isang taong may bukas palad/
      2. Aba! Mabait siya dahil may pusong mammon lalo na at nakakakita siya ng isang kahig isang tuka.
      3. Ang taong tamad ay pasang krus ng pamilya.
      4. Ipakiusap mo saDiyos na ikaw ay magdilang anghel.
      5. Ibuka mo sa Diyos na ikaw ay magdilang anghel.
   2. Balik-aral
      Anu-ano ang uri ng pangungusap?Anong uri ng pangungusap ang binasa ninyo? May salungguhit na salita doon.Ano ito?
   3. Mga Gawain
      a. Pagganyak
         (Laro). Isa-isang babasahing muli ang nasa pagsasanay na nakasulat sa strip na kartolina.
      b. Paglalahad
         Basahin ang debate na pinamagatang "Ang Palaaral at Di-Palaaral, Yaman ng Bansa?

Tagapamagitan: Sa oras na ito masusing pakinggan ang debate ng dalawang pangkat ang Palaaral at Di-Palaaral.

Palaaral: Alam naming kami ay nagdudulot ng kasiyahan sa guro, magulang, lipunan pamayanan at bansa dahil sa aming pagsusunog ng kilay naabot namin ang kaalamang minimithi ng bawat isa. Kami iyong madalas nasa loob ng silid-aralan at masusing isinisilid sa isip ang aralin. Kami iyong kapag tinanong ng guro ay bumubukal sa isipan ang kasagutan. Kami rin ang taga sa panahon dahil madaling makakuha ng hanapbuhay. At naku! Kabilang kami sa tagapag-paunlad ng bansa! Kayo, ganun din ba?

Di-Palaaral: Oo kabilang din kami sa tagapagpaunlad ng bansa. Bagamat mahina ang aming ulo. Laging uwi ay itlog, kalabasa at palakol sa magulang namin. Naku! Tingnan ninyo pagdating ng panahon. Yaman dinkami di ba?Paano? Kahit sa panahong di nakakakuha ng mataas na marka at Biyernes san to ang mukha kung kulilat sa mga aralin. Isipin din ninyo ang aming kabutihan. Pakisuriin nga ninyo na bagamat kami ay

natataguriang “Physically Fit” but Mentally Absent” Mayroon kaming natatagong talino na magpapaunlad ng sarili, tahanan, pamayanan at bansa. Alam ba ninyo, mahina ang ulo namin ngunit may lakas at natatagong galing namin ngunit may lakas kami na kung minsan ito ang kailangan din naman, di ba?

Tagapamagitan: Tama kayong dalawa kasi sabi nga kapag walis ay binigkis nagdudulot ng kasaganaan at katagumpayan ng pamilya at bansa.

c.Pagtalakay

1. Ano ang debate?
2. Tungkol saan ang debate?
3. Anu-anong pangungusap ang ginamit sa debate?
4. May matatalinhaga bang salita sa debate? Anu-ano iyon?Ano ang kahulugan nito?

d.Pagpapayamang Gawin

Gawin Mo

Bumunot sa magic bag ng isang paksang pangdebate at kumuha ng kapareha. Gamitin ang iba’t ibang uri ng pangungusap. Magbigay din ng isang matalinhagang salita. Ipabigay ang kahulugan sa kapareha.

Gawin Natin

Bumuo ng debate gamit ang 5 uri ng pangungusap at gamitan ng matalinhagang salita. Isa-isang banggitin ang uri ng pangungusap at ibigay ang kahulugan ng matalinhagang salita.Ang paksa ay “Nasa Tao ang Pag-unlad at Kapayapaan ng Bansa.

e.Paglalahat

Anu-anong uri ng pangungusap ang ginagamit sa debate? Ano ang masasabi mo sa palasaysay? Patanong? Padamdam?Pakiusap?at Pautos? Ano ang matalinhagang salita.

f.Paglalapat

1. Bumunot ng isang bilang papel. Kung sinong may nakasulat na swerte ka. Bumuo ng debate ukol sa napapanahong isyu. Iulat ito sa unahan ng klase.
2.Magtala sa pisara ng matalinhagang salita ang mganakabunot ng star at ibigay ang kahulugan.

IV.Pagtataya

Gamitin ang angkop na uri ng pangungusap na pinasimulan sa debate. Ibigay ang kahulugan ng talinhagang salitang may salungguhit

Karunungan susi ng Katagumpayan

A.___(1)_____kaya ang taong masasabing susi ng tagumpay? ______ at__(2)__ Tayo!ang tinutukoy nito. Tagumpay mga kung bukas-isip na isinasapuso ang bagay na nakuha sa karunungan ay inihahasik ay kabutihan.

B. 3.susi ng tagumpay (daan ng tagumpay, paraan, akma)
4. bukas-isip na isinasapuso-(inaalok, mapang-unawa, isinasagawa nang maayos o tama)
5.inihasik-(iniatang,itinanim,isinagawa)

V. Takdan-Aralin

A. Gumawa ng debate ng napapanahong isyu gamit ang iba’t-ibang uri ng Pangungusap at matatalinhagang salita at iulat sa klase.

**Ikatlong Araw**

**I.** Layunin

1. Nakasusunod sa nakasulat na panuto(F5PB – IVf-3.2)
2. Nagagamit ng wasto ang call number ng aklat (F5EP – IVfh – 7.I)

II. A. Paksang Aralin

-Pagsunod sa Panuto

-Paggamit ng call number ng aklat

B.Sanggunian

(F5PB – IVf-3.2) Bagong Fil.V Pagbasa ph.121

(F5EP – IVfh – 7.I) MISOSA 4 Blg.7

Diwang Makabansa Pagbasa, pahina 182-184

C. Mga Kagamitan

Tsart kwento

Istrips

III. Pamamaraan

Bumuo ng maliliit na salita sa mga salitang nakakahon sa binasang tula.

Ginto ang Panahon

Kasabihan natin, ginto ang panahon
Kaya't habang bata'y matutong tumugon
Sa mga pagsubok sana'y maging layon.
Ang maging maunlad sa puno at dunong.

Mag-isip, magbalak, gumawa't magkuro
Upang ang biyaya'y huwag lumayo
Sa ano mang gawa ay huwag susuko
Pag-asa'y nariyan, katumbas ay ginto.

1. Pagsasanay

   Basahin ang kwentong “Dakilang Ina ng Dakilang Anak”

   Isagawa ang sumusunod na panuto .gawin ito sa sagutang papel.


   1. Gumuhit ng isang biluhaba sa gitna ng kahon. Sa loob nito ay isulat ang pamagat ng kwentong iyong binasa. Gumuhit ng isang maliit na parihaba sa ilalaim ng parihaba. Isulat dito ang pangalan ng ina ni Dr. Jose Rizal.

   2. Gumuhit ng isang parisukat na may katamtamang laki ng dalawang bilog sa loob. Isulat dito ang pangalan ngina ni Rizal.
   3. Gumuhit ng dalawang tatsulok sa pareho ang laki. Sa loob ng isang tatsulok ay isulat ang petsa nang barilin ni Rizal. Sa ikalawang tatsulok ay isulat ang lugar ng pinangyarihan nito.
2. Balik-aral

   Basahing mabuti ang mga salitang matatalinghaga sa Hanay A. Hanapin ang Kahulugan nito sa Hanay B.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| ___ 1. Pagsusunog ng kilay | a. malawak |
| ___ 2. Di- maliparang uwak | b.pag-aaral ng mabuti |
| ___ 3. Nagdilang – angel | c. pahirap sa buhay |
| ___ 4. Walang itulak-kabigin | d.di alam ang pipiliin |
| ___ 5. Pasang-krus | e. magkatotoo ang sinabi |

3. Mga Gawain
    1. Pagganyak
        Pagpapakita ng halimbawa  ng kard katalog. Pag-aralan ito.
        .




b.Paglalahad

Basahin ang kwentong “Ang Panayam ni Bb. De Leon”(Diwang Makabansa Pagbasa V ph.182-184)

c.Pagtalakay

1. Sagutin ang ang mga tanong sa “Magtalakayan Tayo” ph 185(Diwang Makabansa Pagbasa V)
2. Balikang muli ang kard katalog na ginamit sa pagganyak.
    a. Anong uri ng kard katalog ang nabanggit?
    b. Anu-ano ang mga mahahalagang bagay ang nakapaloob sa kard katalog?
3.Ayon sa kard katalog, sino ang may akda? Bilugan mo nga ito.Ano ang pamagat ng aklat? Ikahon mo ito.Ano naman ang paksa ng aklat?Lagyan ng dalawang salungguhit.
4.Paano malalaman kung saangistante matatagpuan ang aklat?
5.Ano ang katawagang bilang ng aklat?Ituro mo nga ito.
6.Saang bahagi ng kard katalog ito matatagpuan?

4. Pagpapayamang Gawain
    a. Gawin Ninyo
        Kilalanin pa natin ang kard katalog sa pamamagitan ng pagsusuri sa nilalaman ng bawat kard na ito. Lagyan ng pangalan ang bahagi nito.

| | |
|---|---|
| 700.4 | Aragon, Angelita L.d.d. |
| Lil2 | Bagong Filipino5 |
| | JGM & Corporations |
| | Simoun St. Quezon City |
| | C2011 |
| | 110p.: ill, 25 cm. |

1. →

2. →

3. →

4.Anong uri ito ng kard katalog?
5.Gumuhit ng isang bilog. Sa loob nito, isulat ang bahaging makikita sa gawing kaliwa ng kard katalog?

d.Paglalahat

Bawat kard ay may katawagang bilang na nagtuturo sa kinalalagyan ng aklat. Ano ang katawang bilang at ano ang kinakatawan nito?Mahalala ba ito?

e.Paglalapat

Magtungo sa aklatan na may mga kard katalog. Kumopya ng tig-iisang halimbawa ng kard ng may akda, kard ng pamagat, kard ng paksa at gumuhit ng bulaklak na may limang talutot at kulayan ito ng pula.

IV. Pagtataya

Kumuha ng isang aklat sa Filipino na may kinalalaman sa mga natatanging Pilipino. Gamitin ang mga ito upang mapunan ang hinihingi ng kard.Ikahon ang call number.

Kard ng May-Akda

May-akda:
Pamagat ng aklat:
Dibuhista:
Manlilimbag:
Copyright Date:
Call Number:
Bilang ng Pahina:

V. Takdang Aralin

Gumawa ng kard ng pamagat, bigyang pansin ang gamit ng call number.Gamitin ang aklat ng Araling Panlipunan.

**Ikaapat na Araw**

I. Layunin
   Nakasusulat ng Iba't-ibang bahagi ng pahayagan.

II. A. Paksang Aralin
      Bahagi ng Pahayagan
   B. Sanggunian
      F5PU-IVeh-2.11
   C. Kagamitan
      Tsart
      Pahayagan

III. Pamamaraan
   1. Pagsasanay
      Kilalanin kung anong bahagi ng pahayagan ang ipinakikita sa ibaba. Isulat ito sa sagutang papel.


MISYON NI GLORIA: SOLID 'ARROYO BOYS' SA SC
Abante TONITE
BABY, 24 BESES SINAKSAK NG INA
SEE STORY ON PAGE 3

______________________



______________________




______________________


# 19-year-old young man jump, drowned in Laguna Falls

LAGUNA - Lasted just over 19 hours before they recovered residents and rescue teams Guard Crime, KABALIKAT Civicom in the body of 19-year-old young man after jump and eventually drowned in Bunga Falls in the town of Alaminos, Laguna.

Appearing in the report of PCI Pedro Ferrer Jr., Chief of Police, around 2:00 Sunday afternoon incident occurs while communicating act of drinking the victim Ederlyn Gawindo Morga, resident of Brgy. Talangan his family of alleged attempt to jump the falls above estimated with a depth greater than 20 feet.

Because of this, he said no again float alleged victim nabagok its head on the sharp rocks so crushed skull on the forehead and fell unconscious until eventually drowned.

Night that inform the kinau dedicate drinks victim was drowned Morga. At for extreme in the dark beneath the Falls has decided to postpone the divers to search the remains of victims.

Completely at 10:30 am Friday the divers recovered the body of a young man caught between rocks in the deep part of the result falls.

Kevin Pamatmat

______________________


Ikaw din ba?

Ang Kalasti

Sublian Festival 2012

SES Dancers nagkamit ng 15K

______________________________

2. Balik-aral

   Isulat kung ang mga sumusunod na pangungusap ay opinyon o katotohanan.

   1. Lahat ng bata ay maaaring  maging bayani.
   2. Malalakas ang loob lamang ang nagtatagumpay.
   3. Mahal ng mga Filipino ang kanilang pambansang wika sa salita lamang.
   4. Hindi dapat mawalan ng pag-asa ang bawat isa.
   5. Ang Filipino ang ginagamit bilang wikang panturo sa asignaturang Makabayan.

3. Mga Gawain

   a. Pagganyak

      Sa paanong paraan mo malalaman ang pinakabagong pangyayari sa bansa o sa buong mundo?

   b. Paglalahad

      Pagpapakita  ng iba't-ibang pahayagan.

      Ano ang makikita mo sa larawan?

      Tama, ito ay ang mukha ng iba't-ibang bahagi ng pahayagan.Sa anu-anong linggwahe nakasulat ang mga pahayagan? Anu-ano ang nilaman ng mga ito?

   c. Pagtalakay

      Pahapyaw na tinggnan ang pahinang ito.

      Sa pambungad na pahina makikita ang pinaka ulo ng mga balita. Ano ang ulo ng balitang sa dyaryong ipinakita?

      Paano ito  nasusulat? Maliliit o malalaking titik? May kasama bang larawan ito? Ano ang pangalan ng pahayagan?

      Pag-aralan ang balita.Pahapyaw itong basahin.

**Balitang Panlalawigan**

## 11 tulak, 7 drug users sumuko

**JAEN, Nueva Ecija-** Aabotsa labing-isang tulak ng bawal na droga at pitong drug users ang iniulat na sunud-sunod na sumuko sa himpilan ng pulisya sa magkahiwalay na lalawigan kamakalawa.

Ang mga nagsisukong tulak sa himpilan ng pulisya sa Diwalwal, Compostella Valley ay nakilalang sina Jovelyn Pernito, Roger Orot, Arcely Pianas, Joseph Paderna, Donato Rinmaco, Abdul Montia, Jenifer Fernandez, Aga Magara, Marcelino Albarando, Caro Faisal at Amen Dimatanuay.

Bunsod ng kampanya ng pamahalaan laban sa sindikato ng bawal na droga particular na ang pagpipintura sa bubungan ng mga bahay ng mga pinaniniwalaang tulak ay nagpasyang sumuko ang mga suspek.

Kasunod nito, sumuko rin sa himpalan ng pulisya sa Jaen, Nueva Ecija ang mga drug users na sina Ferdinand Pablo, Gaudencio de Jesus, Emilio dela Cruz, Alejandro Faustino, Rodolfo Eduardo, Felipe Santos at Reynaldo Avergas na pawing residente ng Barangay Sto. Tomas South, Jaeen Nueva Ecija.

Ihahatid ang pitong drug users sa PNP Crime Laboratory sa Cabanatuan City at kasalukuyang ipaaalam kung nasa drug watchlist ang mga nagsisuko.

Pagpapayamang Gawain

A. Gawin Mo

Isulat kung anong bahagi ng pahayagan ang ipinakikita sa ibaba. Isulat ito ssa sagutang papel.







_______________________ _______________________


HATAW!
D'YARYO NG BAYAN
BULABUGIN
3-M DIVISION NG COMELEC NAGHAHANDA NA BA NG PABAON?!
Batay sa artikulo ng kolumnista
BUSINESS EMPIRE NG INDONESIAN TYCOON SA PH TARGET NG PALASYO
SENADO GUMITNA SA BIR VS PMA
NENE PATAY SA KATAGAY NI TATAY


No plate, No travel...
MARRA'S DESK
NOONG bago mag Mahal na Araw, maraming car owners at motorista ang nadismaya. Maraming hindi nakauwi ng kani-kanilang probinsiya at nakapagdala ng sasakyan, dahil sa No plate No travel na ipi-
Pero bigo ang mga car owners na makuha ang kanilang mga bagong plate number.
Ano na naman kaya ang alibi ng LTO sa isyung ito? May mga car owners na pinapupunta na lamang daw sa mga branch



Dr. Pio Valenzuela laid to rest

B. Gawin Natin

Hatiin sa 4 na pangkat ang klase. Bigyan ang bawat pangkat ng iba't-ibang bahagi ng pahayagan.Iaayos ang mga titik upang mabuo.Ang salitang tinutukoy.

Paglalahat

Anu-anong mahahalagang bahagi ng pahayagan?
Pare-pareho ba yung lingwaheng ginagamit?

Paglalapat(Pangkatang Gawain)

Isulat ang mababasa sa sumusunod na mga bahagi ng pahayagan..

IV. Pagtataya

Isulat ang titik ng tamang sagot sa sumusunod na kalagayan.

1. Wala kang trabaho. Aling bahagi ng pahayagan ang titingnan mo?
   a. Palaisipan  c. Anunsyo
   b. Kolum ng mambabasa  d. Pangulo Balita

2. Ibig mong alamin ang pananaw o pakahulugan ng publisher o palimbagan sa isyu tungkol sa unang 100 araw ng Presidente. Alin sa mga sumusunod ang sasangguniin?
   a. Pahinang pang-isport
   b. Kolum ng isang manunulat
   c. Editoryal o pangulong tudling
   d. Balitang Pampamayanan
3. Ibig mong malaman ang opinyon ng isang indibidwal tungkol sa isyu tungkol sa brownout. Alin dito ang babasahin mo?
   a. Kolum na isang manunulat
   b. Balitang pandaigdig
   c. Pahinang pampalakasan
   d. Editoryal
4. Aling bahagi ng pahayagan ang gagamitin mo upang maaliw?
   a. Balitang Pampamayanan
   b. Pitak Palaisipan
   c. Pangunahing Balita
   d. Anunsyo
5. Pinakahuling balita tungkol sa paboritong laro ang mababasa sa bahaging ito. Aling

pahina ito?
a. Pitak-artista c. Palakasan
b. Mga anunsyo d. Pandaigdig na balita

Ikalimang Araw

I. Layunin
Napaghahambing ng iba't-ibang dokumentaryo.

II. A. Paksang-Aralin
Paghahambing ng Iba't-Ibang Dokumentaryo

B.Sanggunian
F5PD-IVe-j-18

C.Mga Kagamitan
Video Clips (inihanda ng guro)

III. Pamamaraan
1. Pagsasanay
Tukuyin kung ang mga sumusunod ay pamagat ng teleserye o pelikula.
___1. SOLO
___2. Pangako sa Iyo
___3. Bukas Luluhod ang mga tala
___4. Ang Probinsyano
___5. Bituing walang nining

2. Balik-aral
May mga pagkakataon bang magkakaroon ng nakapapanood ka ng pelikulang may hawig sa iyong karanasan?

3. Mga Gawain
a. Pagganyak
1. Kilala ba ninyo si Jaclyn Jose?Sa anong uri ng pelikula siya itinanghal na Best Actress? Ano ang pamagat ng pelikulang iyon?
2. Paglalahad
Panonood ng mga bata sa dalawang dokumentaryo?
3. Pagpapayamang Gawain
a. Pagtalakay
1. Anu-ano ang pamagat ng dokumentaryong inyong pinanood?
2. Anu-anong uri ng dokumentaryo ang mga ito?
3. may pagkakatulad ba nag dokumentaryong pantelebisyon at pampelikula?
4. Ano ang kanilang pagkakaiba?
5. May napulot ba kayong magandang aral sa napanood ninyo?
b. Paglalahat
Base sa pinanood na dokumentaryo paghambingin ang dokumentaryong pampelikula at pantelebisyon.

c.Paglalapat
(Pangkatang gawain)
-Panonood ng dokumentaryo

Pangkat I-Isulat ang iba't-ibang katangian ng dokumentaryong pelikula

Pangkat II-Isulat ang Iba't-ibang katanungan ng dokumentaryong pantelebisyon

IV. Pagtataya

Ibigay ang pagkakaiba at pagkakatulad ng dokumentaryong pampelikula at dokumentaryong pangtelebisyon.

V. Takdang-Aralin

Magsaliksik ng 2 dokumentaryong pampelikula at 2 dokumentaryong pang telebisyon.